Republic of the Philippines
**Department of Education**

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

JUL 16 2008

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 332 , s. 2008

## 2008 BUWAN NG WIKANG PAMBANSA

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor Panrehiyon
Superintendent ng mga Paaralan
Pangulo/Pinuno ng mga Paaralang Pribado

1. Bilang pag-alinsunod sa Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997, taunang ipinagdiriwang ang Buwan ng Wikang Pambansa tuwing Agosto 1-31, na pinangungunahan ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF). Para sa taong 2008, ang tema ng pagdiriwang ay "Wika Mo, Wikang Filipino, Wika ng Mundo, Mahalaga!" bilang pakikiisa sa Pandaigdigang Taon ng mga Wika ng Mundo na ipinahayag ng UNESCO.

2. Layunin ng pagdiriwang sa taong ito na:

   a. lalo pang mamulat ang sambayanan sa kahalagahan ng pagpapaunlad, pagpapalaganap, pananaliksik at pagpepreserba ng Wikang Pambansa at ng mga wika sa Pilipinas;
   b. kilalanin ang lahat ng wika bilang mahalagang kasangkapan tungo sa karunungan at kaunlaran;
   c. itampok ang kahalagahan ng wikang pambansa, wikang lokal at ng Ingles para sa etnisidad, identidad, komunikasyon, literasiya at edukasyon ng mga Pilipino;
   d. ipakita ang mga bentahe ng multilingual na patakaran (lokal at global na mga wika) upang makaagapay sa lokal at global na kapaligiran; at
   e. patingkarin ang pandaigdigang taon ng mga wika.

3. Para sa isang buwang pagdiriwang lingguhang hinati-hati ang paksa sa:

| | |
|---|---|
| Agosto 1-7 | – Ang mga wika ay mahalagang kasangkapan tungo sa karunungan at kaunlaran. |
| Agosto 8-15 | –Wikang kinagisnan susi sa mas malawak na pagkakatuto ng wikang Pambansa at ng wikang Ingles. |
| Agosto 16-22 | –Wikang lokal at global sa Pandaigdigang Taon ng mga Wika. |
| Agosto 23-31 | – Wika Mo, Wikang Filipino, Wika ng Mundo Mahalaga sa mamamayang Pilipino. |

4. Kalakip ang mungkahing gawain para sa patnubay at upang lalong sumigla ang magsasagawa ng iba't ibang programa na naaayon sa pangangailangan ng paaralan.

5. Maaaring dumulog sa sumusunod na website ng KWF para sa mga karagdagang impormasyon: http://wika.pbwiki.com.

6. Hinihiling ang maaga at dagliang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**VILMA L. LABRADOR**
Pangalawang Kalihim

Kalakip: Gaya ng nasasaad

Sanggunian: Memorandum Pangkagawaran: Blg. 262, s. 2007

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

CELEBRATIONS & FESTIVALS
Learning Area, FILIPINO

Sally/buwan ng wikang pambansa
Hulyo 9, 2008/07-14-08

Kalakip sa Memorandum Pangkagawaran Blg. 332, s. 2008

Tema ng Buwan ng Wika 2008:

## "WIKA MO. WIKANG FILIPINO. WIKA NG MUNDO. MAHALAGA!"

***Agosto 1-7 - Ang mga wika ay mahalagang kasangkapan tungo sa karunungan at kaunlaran.***

1. Pagdaraos ng pambukas na palatuntunan at pagpapaliwanag sa tema ng buwan ng wika 2008.
2. Paggawa ng poster; pagdaraos ng mga patimpalak (pasalita at pasulat) sa lokal na wika/panitikan at mga katulad na aktibidad;
3. Pagdaraos ng porum tungkol sa kahalagahan ng mga wika.
4. Natatanging pagpupugay sa ating watawat para sa Buwan ng Wika.
5. Pagpaparada ng iba't ibang mga wika sa Pilipinas at sa ibayong dagat (Asya, Europa, Aprika, Australia at Amerika)

***Agosto 8-15 - Wikang kinagisnan, susi sa mas malawak na pagkakatuto ng wikang Pambansa at ng wikang Ingles***

1. Pagtalakay ng mga pag-aaral na nagpapakita kung paano nakakatulong ang lokal na wika para matutuhan ang wikang Pambansa at ang wikang Ingles;
2. Pagtalakay sa pinanggalingan at kasaysayan ng mga bayan sa kani-kanilang lugar.
3. Pagdaraos ng timpalak sa pagsasalin ng tula sa unang wika, sa Filipino, at sa wikang Ingles.
4. Pagdaraos ng porum tungkol sa: Makatutulong ba sa pagkatuto kung gagamitin ang unang wika sa pagtuturo sa elementarya?
5. Pagdaraos ng palatuntunan sa Araw ng Pagkatatag ng Komisyon sa Wikang Filipino, Agosto 14.

***Agosto 16-22 - Wikang lokal at global sa pandaigdigang taon ng mga wika***

1. Talakayan sa mga isyu tungkol sa ortograpiya ng wikang pambansa;
2. Pagkukuwento—biglaan at/o nakahanda—sa wikang Filipino/lokal na wika;
3. Pagdaraos ng porum/talakayang pangwika kaugnay ng pagdiriwang ng Buwan ng Wika 2008 at Pandaigdigang taon ng mga wika.
4. Pagdaraos ng palatuntunan bilang parangal sa Ama ng Wikang Pambansa, 'Manuel Luis Quezon'.

*Agosto 23-31 -* ***Wika Mo, Wikang Filipino, Wika ng Mundo, Mahalaga sa mamamayang Pilipino.***

1. Timpalak sa pinakamabilis at pinakamapanlikha sa *texting* sa lokal na wika, wikang pambansa at/o Ingles;
2. Proyekto sa Filipino at/o Agham Panlipunan: mapa ng iba't ibang wika sa daigdig;
3. Proyekto sa Siyensiya at Kalusugan: pagtutumbas sa wikang pambansa ng mga terminong pang-IT;
4. Proyekto sa Matematika: pagtutumbas sa wikang pambansa ng mga terminong pangmatematika;
5. Proyekto sa English: mga namumukod na katangian ng Philippine English;
6. Pagbibigay ng mga gawad, pagkilala o premyo sa mga indibidwal at institusyon na nakilala sa pagpapaunlad ng wikang Filipino/at mga wika sa Pilipinas, sa antas lokal at panrehiyon.
7. Pagdaraos ng pampinid na palatuntunan kaugnay ng pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2008;